REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-109

**KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA PUNONG BAYAN ANG MADALIANG PAGSASARA NG MUNTINLUPA COLISEUM (SABUNGAN) NA MATATAGPUAN SA TABI NG PAMBANSANG LANSANGAN, BARANGAY TUNASAN, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA, AYON SA REKOMENDASYON NG TANGGAPAN NG INHINYERYA DAHIL SA MAPANGANIB NA KALAGAYAN NG NASABING SABUNGAN.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, dapat isaalang-alang ang kaligtasan ng mga mamamayan na nagpupunta sa sabungan;

SAPAGKAT, sang-ayon sa ulat ng Tanggapan ng Inhinyerya, nang suriin ang kalagayan ng gusali ng sabungan noong Abril 25, 1988 ay napatunayang maraming depekto o sira ang nasabing gusali kung kaya't ito ay inirerekomendang maipasara;

SAPAGKAT, muling nagsagawa ang Tanggapan ng Inhinyerya ng pagsusuri noong ika-26 ng Hunyo, 1989 at napatunayan na hindi pa naisasaayos ang mga dating depekto o sira ng gusali sa halip ay lalong lumala ang kalagayan ng gusali dahil sa kalumaan nito;

SAPAGKAT, ang pagsasara ng Muntinlupa Coliseum ay kinakailangan nang maisagawa dahil sa pangambang ang nasabing gusali ay magdudulot ng malaking kapinsalaan sa mga mamamayan o opisyonados na nagpupunta dito;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahn at muling pinagpasiyahan na magkaroon ng kapasiyhan na hinihiling sa Punong Bayan ang madaliang pagpapasara ng Muntinlupa Coliseum (sabungan) na matatagpuan sa tabi ng pambansang lansangan, Barangay Tunasan, Muntinlupa, Kalakhang Maynila, ayon sa rekomendasyon ng Tanggapan ng Inhinyerya dahil sa mapanganib na kalagayan ng nasabing sabungan.

PINAGTIBAY NG NAKARARAMING kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang animnapu't tatlong (63rd) pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-3 ng Hulyo 1989.

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pansamantalang Punong Bayan/Pansamantalang
Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal
(nag-sponsor)

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal
(Hindi naklahok)

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**Pahina - 2 -**
**Kapasiyahan blg.89-109**

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
KOnsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

(Hindi nakilahok)
Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

(Hindi nakilahok)
Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN : RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Hulyo 3, 1989

RRC:vts